# Mga baril at pampublikong kaligtasan: Pagtugon sa panganib

Nanganganib ka ba dahil sa isang taong may access sa mga baril – o nag-aalala ka tungkol sa kung anong magagawa mo sa mga baril na may access ka? Narito ang mga opsyon para makatulong na panatilihing ligtas ang iyong sarili at ang iba.

## Pagtawag sa 9-1-1

Palaging tawagan ang 9-1-1 o ang pang-emergency na numero ng iyong lokal na pulisya kapag may emergency. Puwedeng alisin ng pulisya ang mga baril, lisensya sa baril, o armas ng isang tao kung sa palagay nila ay may panganib sa kaligtasan ng sinuman. Puwede ring mag-apply ang pulisya sa lokal na hukuman para sa kautusan ng pagbabawal para pigilan ang isang tao sa pag-access ng mga baril o armas nang hanggang 5 taon kapag posibleng mapanganib siya sa sarili o sa iba. Kung gagawin nila ito, aabisuhan ang may-ari ng baril at posibleng nasa pagdinig siya.

Kung nakakaranas ka o ang kakilala mo ng pag-iisip na magpatiwakal o ng kawalan ng pag-asa, puwede mo ring tawagan o i-text ang 9-8-8, para sa suporta. Available ang 9-8-8: Suicide Crisis Helpline sa buong Canada, 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon: https://988.ca/ (https://988.ca/fr)

## Mga batas sa “red flag”

Magagawa mo o ng isang tao sa ngalan mong mag-apply sa lokal na hukuman para sa pang-emergency na kautusan ng pagbabawal para pigilan ang isang tao sa pag-access ng mga baril o armas nang hanggang 30 araw kapag posibleng mapanganib siya sa sarili o sa iba.

Puwede ka ring mag-apply para sa pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access. Nagtatakda ito ng mga panuntunan sa pagmamay-ari o paggamit ng mga baril o armas ng isang tao nang hanggang 30 araw. Makakatulong ang mga panuntunang ito na pigilan ang isang tao sa pag-access ng mga ito kung pinagbabawalan siya. May mga hakbang na puwedeng gawin para protektahan ang iyong pagkakakilanlan sa prosesong ito.

Para protektahan ang mga may kinalaman sa pag-apply ng pang-emergency na kautusan ng pagbabawal, hindi aabisuhan ang taong napapailalim sa kautusan at hindi siya makakalahok sa mga pagdinig. Kung ibibigay ang isa sa mga kautusang ito, puwede ring magtakda ang hukom ng petsa ng pagdinig para sa mas matagal na kautusan.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng Pampublikong Kaligtasan https://www.canada.ca/red-flag-laws (https://canada.ca/lois-drapeaux-rouges) o makipag-ugnayan sa iyong lokal na hukuman.

## Mas ligtas na storage para sa mga may-ari ng mga baril

Dapat ligtas na i-store ng lahat ng may-ari ng baril ang mga armas para maiwasan ang mga aksidente, pagkawala, at pagnanakaw. Ang Canadian Firearms Program ay nagbibigay ng mga detalye tungkol sa mga kinakailangan sa ligtas at secure na pag-store ng baril: https://rcmp.ca/en/firearms/firearms-safety-training-transport-and-storage (https://grc.ca/fr/armes-feu/securite-formation-transport-et-entreposage-armes-feu)

Kung sa tingin mo ay magdudulot ka ng panganib sa kaligtasan mo o ng iba, puwede mong pansamantalang i-store ang iyong mga baril sa ibang lisensyadong may-ari ng baril o lisensyadong negosyo. Dapat lisensyado para sa ganoong uri ng baril ang tao o negosyong magso-store ng mga item at dapat mayroon siyang naaangkop na storage para dito.

Puwedeng ilipat ang mga pinaghihigpitan at pinagbabawalang baril sa mga pansamantalang lokasyon ng storage para sa layuning ito na may ilang karagdagang hakbang. Dapat kang makakuha ng Pahintulot sa Paglipat at isama sa mga baril ang mga sertipiko ng pagrehistro sa lahat ng pagkakataon.

## Para sa higit pang impormasyon o para mag-ulat ng iba pang alalahanin

Para sa higit pang impormasyon o para mag-ulat ng iba pang alalahanin na may kinalaman sa baril, kasama ang mga may kaugnayan sa storage, transportasyon, paggamit, at iba pa, makipag-ugnayan sa Canadian Firearms Program sa 1-800-731-4000 o sa pamamagitan ng email sa cfp-pcaf@rcmp-grc.gc.ca.

Available din sa isang naa-access at digital na format online:
https://www.publicsafety.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-ddrss-rsk/index-en.aspx
(https://www.securitepublique.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-ddrss-rsk/index-fr.aspx)

© Ang Kanyang Kamahalan na Hari sa Karapatan ng Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan at Paghahanda sa Emergency, 2026.

Marso 2026 Cat. No. PS4-334/1-2025Tgl-PDF ISBN 978-0-660-98336-3